

1

Brandon Leviste watched the woman dancing in the middle of the dance floor. She was a sight to behold. Her long, black hair was cascading in waves down her back, and her petite but curvy frame was rocking in time with the deafening music. She was throwing her hips and arms in reckless grace. She looked like a crazy nymph.

Matabang na napailing si Brandon. Nahilot niya ang noo at pinilit ang sariling huwag mahilo sa ingay at mga ilaw ng club na iyon. Muli niyang sinulyapan ang babaeng sumasayaw sa gitna ng dance floor na tila ito ang may-ari ng buong mundo. Hindi niya napigilan ang pagtaas ng sulok ng mga labi. Tingin niya ay iyon talaga ang paniwala ng dalaga. Keira Vivian Beltran probably believed she owned the world.

Kilala niya si Keira. She's a spoiled rich brat who at the age of twenty-two was still at university—calling herself a student. Naging mapang-uyam ang kanyang ngiti. Unica hija ito ng milyonaryong hotelier at ng asawa nitong socialite. Version siguro nito ng bar-hopping ang ilang beses na pagpapalit ng kurso sa kolehiyo. She also dropped classes as fast as she changed flings. The woman had an average of twenty flings in a year.

Muli siyang napailing at tinanong ang sarili kung bakit siya napunta sa sitwasyong ito. He really could not believe his

grandfather asked him to do this. Nahilot niya muli ang noo nang maalala ang pag-uusap nila ng abuelo noong isang linggo. Kagagaling lang niya sa *Hermes Lab* nang araw na iyon. May problema sa testing ng bagong produkto nila at kinailangan niyang makipag-usap sa mga miyembro ng Research and Development team para ayusin iyon.

Pag-uwi niya sa mansion kung saan nakatira ang abuelo, sinabihan siya ng kasambahay na gusto siyang makausap ng matanda. Agad siyang tumalima. He knew it was important; his grandfather was not the type to sit around and make idle chats.

Pagdating niya sa silid nito ay hindi niya mapigilan ang sandaling matigilan. Na-stroke ang lolo niya nang nakaraang buwan at dahil doon ay naging paralisado ang kaliwang bahagi ng katawan nito. Salamat sa therapy at naigagalaw na nito kahit papaano ang bahaging iyon. Pero sa kabila niyon ay kita niyang hirap pa rin ang matandang Leviste.

“Brandon...” Gustavo’s voice was strained.

Agad siyang lumapit dito at umupo sa silya sa tabi ng kama nito. He stared at his grandfather. Kahit na may iniindang sakit, bakas pa rin ang kisig at lakas nito. People always remarked that among the Leviste males, Brandon resembled Gustavo the most. Tingin ng ilan ay iyon ang dahilan kung bakit siya ang paborito nito. But he knew better. Gustavo Leviste favored him because he was the brightest and most efficient in the family.

“Brandon...” Pinilit nitong umupo nang maayos sa kama.

Agad niya itong tinulungan pero gaya ng inaasahan, itinaas nito ang kamay para pigilan siya. Mapagmalaki pa rin ang kanyang lolo.

“I need you to find someone for me,” walang ligoy nitong pahayag.

Hindi na siya nagulat. Direct to the point, ganoon na ito noon pa man. Hinintay niya itong magpatuloy.

“I need you to find a woman, as well as her children and grandchildren. I want you to make sure that they are okay and I want you to look after them once you find them. And I mean look after them and take care of them.” Iniabot nito sa kanya ang isang kahon na ngayon lang niya napansing nakapatong sa tabi nito sa higaan.

He raised an eyebrow at his grandfather. Kung may inaasahan man siyang mahalagang sasabihin nito, hindi ito iyon.

“I want you to find Aurora and her family. I want you to give her these letters once you find her.”

Kung isa siguro sa mga pinsan niya ang ipinatawag at sinabihan ng ganito, baka tumawa lang iyon o nagalit. This scene was definitely ridiculous. Para itong plot sa isang nakakaumay na pelikula o libro. May ideya siya kung anong klaseng sulat ang nasa loob ng lumang kahon.

Tinitigan niya ang matandang Leviste.

“Find Aurora, and if she’s...” Tila hindi nito masabi ang susunod na salita. “It doesn’t matter if she’d already passed away. Kung may mga anak siya at apo, hanapin mo sila.”

By now, hindi na niya napigilan ang pagngiti sa sarili. Hindi niya talaga inaasahan ito. Hindi sikreto sa pamilya nila na may ibang babaeng mahal ang lolo niya noon pa man. They never knew the woman’s name or anything about her. But they all knew that their grandfather had always loved somebody else. Pero hindi rin sikreto sa kanila na walang lugar sa buhay ng abuelo ang mag-sentimyento at makonsyensya. Gustavo Leviste was a cold calculating bastard through and through.

“Tatanggalan mo ’ko ng mana kapag hindi ko ginawa ang gusto mo, tama ba?” kalmado niyang tanong.

Sa kabila ng tensyon ay nagawang tumaas ang sulok ng mga labi nito. “You’ve always been the most sensible among all my grandsons.”

The corner of his lips turned up as well. There was a ring of truth to it. Even as a child, he’d always been mature and responsible. Kung hindi siya naging ganoon, sigurado siyang hindi siya papansinin o kukupkupin ng abuelo nang iwan siya ng walang kuwenta niyang mga magulang.

Nanatiling kalmado ang titig niya sa lalaki. “Ibibigay mo na ba sa ’kin nang tuluyan ang pamamahala sa kompanya kapag

nahanap ko sila?"

Tumango ito. "Yes, and if Aurora has an available granddaughter, I want you to marry her. That's going to be part of the deal."

Pumintig ang isang ugat sa kanyang panga. His grandfather really drove a hard bargain. Pero sa kabila niyon ay hindi niya kinailangang mag-isip nang matagal. Like Gustavo, he never had time for idle chats and silly emotions.

"I want eighty percent of your fortune."

Muling tumango ito. "Find her and her family. Gusto kong makasigurong magiging mabuti ang lagay nila hanggang sa huli." Pagkasabi niyon ay lumamlam ang mga mata nito.

Hindi niya naiwasan ang pagkunot. Hindi talaga siya sanay na makitang ganito ang abuelo. Maybe the man had time for silly emotions after all. He blamed it all on old age and sickness. Tumango siya at inabot ang kamay rito. They sealed the deal with a handshake.

"If there's a single and available granddaughter, once I marry her, make good on the promise that you'll transfer the company and your fortune to my name. Pero kung wala, kailangang ilipat mo sa 'kin ang mga 'yon kapag naibigay ko na ang mga sulat."

"Deal. If there is a granddaughter and you get to marry her, you won't cheat on her or annul the marriage."

He scoffed. As if he had time to cheat. Sa sikip ng schedule

niya ay ni wala na siyang oras para humikab.

Pinisil ng kanyang lolo ang kanyang kamay at idinetalye ang mga bagay na kailangan niyang malaman tungkol kay Aurora. Mataman siyang nakinig. Determinado siyang gawin ang inuutos nito.

He had always been a goal-oriented person. He did not care if he had to marry some stranger to get what he wanted. He wanted *Hermes Lab* and his grandfather's fortune. He had been working his ass off for years to earn it. He was the one who truly deserved it. Hindi isang kapritso ng kanyang lolo ang pipigil sa kanya para makuha iyon.

Pero ngayon, habang nakatitig siya sa nagsasayaw na babae ay parang gustong magbago ng isip niya. The woman was grinding shamelessly against some man in the dance floor.

Naningkit ang mga mata niya. Keira was everything he detested. She was wild, capricious, and irresponsible—the type who knew nothing but waste time and money—his total opposite. Nanigas ang katawan niya nang makitang hinaplos ng lalaking kasayaw nito ang balakang at baywang ng dalaga. Natagpuan niya ang sariling nakatiim-bagang at nakakuyom-palad. He suddenly had an irrational urge to beat the shit out of the bastard.

Nang imulat ng babae ang mga mata nito nang tila madama ang paghawak dito ng kasayaw, nagtama ang kanilang mga mata.

He swallowed as he stared at those big, sultry eyes. She

was pretty, all right—beautiful even. With the wild lights dancing on her skin and her hair tousled and in disarray, she was mouthwateringly sexy. Heart-shaped face, cute upturned nose, big, deeply set eyes, high cheekbones, and full kissable lips—yes, there was no doubt that Keira was an eye candy. She was all soft curves and flesh. He was sure she would be great in bed, judging from the way she was grinding against the man's body.

Just then, images of Keira writhing and panting beneath him, with her legs wrapped tightly around his waist flashed in his mind. Sandali siyang pumikit para kalmahin ang pagnanasa sa kanyang katawan. He did not come for this. He was just here for ocular inspection. Matapos makuha ang mga report mula sa detective tungkol sa anak at apo ni Aurora Esteban, gusto niya munang makita nang personal ang posibleng maging kabiyak niya. Iyon ay kung totoong ito ang apo ng babaeng hinahanap niya.

His grandfather's information about Aurora was insufficient and faulty at best. Ni wala itong larawan ng babae. Kailangan niyang makasiguro kung ang Aurora Esteban na lola ni Keira ay ang Aurora Esteban na hinahanap niya. The only way to do that was to get close to her and try to get information from her.

Nag-vibrate ang kanyang cellphone sa bulsa para ipaalala sa kanya na alas onse na ng gabi. Dinukot niya iyon sa bulsa para patigilin ang alarm. Kailangan na niyang umalis. May ilang reports pa siya na kailangang basahin. He was not like his cousins

who had a lot of free time. Being the son of his no good father, he had no time to waste on stupid things.

Tumalikod siya sa dance floor at tinungo ang exit, pero bago siya tuluyang lumabas, muli niyang nilingon si Keira.

She was still looking at him, a small smile hovering on her lips. A certain part of his body reacted to the sight of those plump lips. Pero hindi niya iyon pinansin at tumalikod na.

Dumerecho siya sa car park at tinungo ang kanyang sasakyan. He got into his *BMW* and drove out of the parking area. He was on his way home to *Blue Ridge* after a couple of minutes.

Kasalukuyan siyang nasa isang maliit na kalye malapit sa Katipunan nang mapansin niya ang isang motorsiklo na sumusunod sa kanya. He frowned.

Naging pula ang ilaw sa intersection at tinapakan niya ang preno kahit walang ibang sasakyan na tatawid. Mula sa rearview mirror ay nakita niyang huminto rin sa likod niya ang motorsiklo. Pagkatapos ay bumaba ang sakay nito. By now he'd already noticed that the rider was a girl. She was wearing a short wrap-around dress that hugged her curves to perfection. How the woman managed to ride the bike clad in that short dress was beyond him.

Naglakad ang babae palapit sa kanya at hindi niya maiwasan ang maningkit ang mga mata. He recognized the dress. Keira was wearing a similar one in the club. He should know—he was

staring at her for at least an hour.

At gaya ng inaasahan niya, nang tanggalin ng babae ang helmet, lumagaslas sa likod nito ang mahaba at maalon nitong buhok. Keira's pretty face came into view then. Lalong naningkit ang kanyang mga mata.

Naglakad ang dalaga at huminto sa gilid ng driver's seat. Ibinaba nito ang mukha at kinatok ang kanyang bintana. Frowning, he rolled the window down. She smiled prettily at him.

“Hi, I'm Keira. You are...?”

Lalo siyang napakunot. What the hell was this woman doing?

“Excuse me?” His tone was acerbic. Pero tila wala iyong epekto rito.

Sa halip, pilya itong ngumiti at kumislap ang mga mata.

“My bike broke down; I was wondering if you could give me a ride.”

Nanatili siyang nakasimangot sa maganda nitong mukha. Up close, he could see that she was really pretty. The photos the detective gave him did her no justice. But hers was a common beauty. Iyong tipo na makikita lagi sa mga mamahaling magazines at billboards. Pretty, but too commercial.

Nanatili siyang nakakunot sa dalaga, pagkatapos ay

Wild - Dior Madrigal

sinulyapan niya ang bike nito. Alam niyang nagsisinungaling ito. Her ride looked perfectly fine. Akmang ibubuka niya ang bibig para tanungin ang babae kung ano talaga ang gusto nito nang lumambong ang mga mata nito. She gave him a look that he could only describe as puppy eyes.

And Brandon, for the life of him, could not stop his heart from beating annoyingly fast. He wanted to kick himself for being this attracted to her. She was obviously trying to get her way by pouting. And f*ck it, but it was working.

Inikot niya ang mga mata. “Fine,” he grumbled.

Inis niyang binuksan ang pinto at akmang lalabas ng kotse nang sa gulat niya ay itinulak siya ng dalaga pabalik sa loob. Then she was sliding inside his car and crawling on to his lap. Ang mga binti nito ay nasa magkabilang bahagi na ng kanyang balakang.

“What are you—”

“Shh...” Her sweet breath touched his lips and it reminded him of strawberries and champagne.

He could feel the heat between her legs seeping through his jean-clad maleness. His whole body hardened and his hands unconsciously gripped her waist as if he was afraid that she would pull away. Tumaas ang sulok ng mapupula nitong mga labi sa kanyang reaksyon at hindi niya maiwasan na maningkit ang mga mata.

Wild - Dior Madrigal

Then, she pressed her soft body to his hard frame and he found himself clenching his jaw. The feel of her soft breasts rubbing against his chest made him want to tear her dress.

“What are you doing?” he hissed, his fingers digging into her waist.

Instead of answering, her smile turned devilish and she softly brushed her lips to his. His breath hitched and he found himself hardening even more. Her lips were petal-soft. Wala sa loob na bumaba ang kanyang isang kamay sa pang-upo nito. He squeezed and palmed her tight ass.

Napasinghap ito at idiniin lalo ang sentro ng katawan nito sa kanya. His breathing turned heavy and he lifted his eyes to hers. Puno ng pagnanasa ang magagandang mga mata nito. Pakiramdam niya ay lahat ng kanyang dugo ay rumagasa sa isang bahagi ng kanyang katawan. Bago pa siya makapag-isip, pumulupot na ang mga daliri niya sa buhok nito at hinila ang mukha nito pababa sa kanya.

She moaned in his mouth. Their tongues meshed and her taste flowed through his taste buds. She was like honey, lemons and tequila—sweet, tangy and intoxicating. She rolled her hips against his lap, her soft mound pressing directly to his hardened shaft. He found himself holding her tighter and taking control of the kiss.

Nagpaubaya lang ito. She willingly opened her mouth wider,

Wild - Dior Madrigal

and she gently suckled his tongue. Natagpuan niya ang isang kamay na malayang hinahaplos ang hita nito. Her skin was satiny smooth; he felt like he could kiss and touch her like this forever. He wondered what it would feel like to run his tongue across every inch of her flesh... from her throat, to her soft breasts, to her flat stomach down to between her legs...

Pumailalim ang kanyang kamay sa bestida ng babae at hinagip ang pang-upo nito. She moaned in his mouth and shamelessly rubbed herself against him. He groaned, forcing himself not to tear her undies and take her there in his car like a rutting animal.

Pilit niyang hinawakan ang balakang nito para patigilin ito sa paggalaw. “Keira, wait—”

Matalas na mga katok sa kanyang bintana ang tuluyang nagpatigil sa kanila.

“Sir? Excuse me po. Pakibuksan po. Inspection lang po.”

Sapat iyon para tuluyang mamatay ang lahat ng apoy sa kanyang katawan. Nanigas siya na parang estatwa. Dumiin din ang mga daliri niya sa balakang ng dalaga.

“Sir? Pakibuksan po.”

He remained frozen. Gusto niyang magmura nang malakas. Police! F*cking shit. He could not believe he’d been so careless!

Marahas siyang napahugot ng hangin at malutong na

napamura. Sigurado siyang kapansin-pansin na gumagalaw ang kotse niya kanina. At hindi kailangang maging rocket scientist ng kahit na sino para malaman kung ano ang dahilan niyon.

Nakikita na niya ang headline bukas: *Billionaire Brandon Leviste Embraces Public Indecency.*

His family would have a field day.

“Sir?” Matalas na ang tinig ng pulis.

Tumiim-bagang siya at pinigil muli ang sariling magmura. Magalang pero mapuwersa niyang itinulak si Keira paupo sa passenger seat. Pinuwersa rin niya ang sariling huwag itong tingnan. Hindi niya sigurado kung magiging kalmado siya kapag tinitigan niya ito. Ibinaba niya ang bintana.

“Yes?” He tried his best to sound composed.

Pormal ang mukha ng may edad na alagad ng batas.

“Sir—”

“Uncle Leo? Yes, ’andito pa po kami sa Katipunan.”

Sabay silang napatingin ng pulis sa dalaga sa kanyang tabi. Bahagyang magulo ang buhok nito at namumula ang mga labi. It was obvious that she had just participated in a heavy make out session. Pero hindi roon natuon ang pansin nila ng pulis. Natuon iyon sa cellphone ng babae na nakadikit sa tainga nito. Nagtaas ito ng tingin at mala-anghel na ngumiti sa kanila.

“Yes, Uncle Leo? Oh, no. We just got pulled aside by a police. Hmm? No! Nagiging paranoid ka na, Uncle. Hindi mangyayari sa ’min ang nangyari kay Pinsan.” Sandali itong tumawa at bahagyang naningkit ang kanyang mga mata.

“Yeah, I still remember, na-news kaya ’yon, kaka-appoint n’yo pa lang n’un na Chief Superintendent ng NCRPO, right? Nahuli na rin ’yung dalawang pulis na gumawa n’un kay Pinsan, di ba?”

Sa gilid ng mata ay nakita niyang napatuwid ng tayo ang pulis sa labas ng kanyang *BMW*.

“Uncle, wala akong ginagawang kababalaghan! Stop being negative. Hindi mangyayari sa akin ’yon.”

Alam niya ang tinutukoy na insidente ng dalaga. Iyon ang nangyari sa anak ni Leonardo Espina, ang kasalukuyang NCRPO Chief Superintendent. Nakaparada sa gilid ng kalsada noon sa Quezon City ang kotse ng anak nito nang sitahin ng dalawang pulis. Inakusahan ng mga pulis ng bogus na kaso ang binata para makuhaan ng pera. Itinanggi iyon ng anak ni Espina at kinasuhan ang dalawang pulis ng extortion. Naging mainit na mula noon ang Chief Superintendent sa pag-aayos ng mga anomalya sa hanay ng pulisya.

Obviously, na-gets din ng pulis na iyon ang insidenteng tinutukoy ng dalaga sa *Uncle Leo* nito. Ramdam niya ang tension ng pulis na nasa labas ng kanyang sasakyan.

“Hmm? You want to talk to the officer? Sure.”

Sandali nitong idinikit ang cellphone sa balikat nito para hindi sila marinig ng kausap nito sa kabilang linya. Nanatili itong nakangiti sa alagad ng batas.

“Sir, gusto raw po kayong makausap ni Uncle Leo.”

Nakita niyang lalong nanigas ang katawan ng lalaki at mabilis itong umiling. “Ah, hindi na po Ma’am. Nagpalit na po kasi ’yung ilaw ng stop light at napansin lang namin na hindi pa kayo umaandar. Iyon lang po, Ma’am.”

Inosenteng kumunot ang noo ng dalaga. “Oh! Pasensya na po! Medyo nag-aaway po kasi kami ng boyfriend ko kaya hindi namin napansin. Sorry po talaga.”

Napakadulas ng pagsisinungaling nito kahit si Brandon ay maniniwala kung di lang sila magkasama kanina pa.

“Ah, sige po. Good evening po.”

“Ah, Officer?” habol nito.

Napatda ang pulis.

Iniunat ng dalaga ang bisig nito sa harap niya at may iniabot sa pulis.

“Susi po ’yan ng motorbike ko. Kayo na po ang bahala kung nakakaabala. Magbabayad na lang po ako ng fine kung kailangan pag kinuha ko.”

“O-okay, Ma’am,” anang pulis, at mabilis na itong tumalikod.

Wild - Dior Madrigal

Naglakad ito pabalik sa mobile patrol sa likuran. May kasama ito na nakatayo sa tabi ng police car. Pagkataas na pagkataas niya ng bintana ay agad na tumawa si Keira.

“God, that was close!” Pinaandar niya ang kotse. Patuloy ito sa pagtawa. “Natakot ako d’un, ah!”

Nanatili siyang tahimik habang bumubungisngis ang dalaga sa kanyang tabi. Nakatiim-bagang si Brandon. Wala siyang nakikitang dahilan para tumawa. Napagtanto niya ang dalawang bagay nang mga oras na iyon. Una, talagang nagdadalawang-isip na siya sa utos ng kanyang lolo na pakasalan niya ang dalaga. Pangalawa, talagang hindi niya gusto ang mga taong kagaya ni Keira.